Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
BAYAN NG SANTA CRUZ

7i 6
2-9-11

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA NOONG PEBRERO 7, 2011, ARAW NG LUNES, SA GANAP NA IKA-9:30 NG UMAGA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang LOUIE C. DE LEON | . . . | PANG. PUNONG BAYAN<br>Tagapangulo |
| Kagalang-galang Florencio C. Odejar | . . . | Kagawad |
| Kagalang-galang Rizaldy N. Kalaw | . . . | Kagawad |
| Kagalang-galang Laarni A. Malibiran | . . . | Kagawad |
| Kagalang-galang Laura P. Obligacion | . . . | Kagawad |
| Kagalang-galang Jun M. Asinas | . . . | Kagawad |
| Kagalang-galang Rolando Moises E. Acapulco | . . . | Kagawad |
| Kagalang-galang Serafin C. San Juan, Jr. | . . . | Kagawad |
| Kagalang-galang Jose Mauro D. Gabinete | . . . | Kagawad – Pangulo / Sang. Kabataan |

*DI-DUMALO:*

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang Ramon D. Tan | . . . | Kagawad |
| Kagalang-galang Ronald P. Obligacion | . . . | Kagawad – Pangulo /Liga ng mga Barangay<br>nasa lakad-opisyal |

**KAPASIYAHAN BLG. 067-T2011**

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAPASIYAHAN BLG. 002-T2011/ KAUTUSAN SA PAGLALAAN BLG. 002-T2011 NG SANGGUNIANG BARANGAY NG BUBUKAL UKOL SA ANNUAL INVESTMENT PLAN (AIP) NG NABANGGIT NA BARANGAY**

**SAPAGKA'T,** may mga binalangkas na programa, proyekto at gawain ang Sangguniang Barangay ng Bubukal para sa taong ito na paglalaanan ng 20 bahagdang kabahagi ng rentas-internas;

**SAPAGKA'T**, ang mga ito ay tinalakay ng mga kasapi ng Sangguniang Bayan at napaliwat sa Lupon sa Pananalapi para sa pagsusuri at pag-aaral;

**SAPAGKA'T**, matapos na ito ay masuri at malaman na ang mga binalangkas na ito ay tumutugon sa pangangailangan ng nabanggit na barangay at naaayon sa itinatadhana ng LBC #70 ay inirekomenda ng nasabing lupon na pagtibayin na ang Annual Investment Plan ng Barangay Bubukal.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** sa mungkahi ng Kagalang-galang Kagawad Laura P. Obligacion (Tagapamuno ng Lupon sa Pananalapi), na pinangalawahan ng mga Kagalang-galang Kagawad Laarni A. Malibiran, Jun M. Asinas at Serafin C. San Juan, Jr. at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHANG:** Pagtibayin ang Kapasiyahan Blg. 002-T2011 / Kautusan sa Paglalaan Blg. 002-T2011 ng Sangguniang Barangay ng Bubukal ukol sa Annual Investment Plan (AIP) ng nabanggit na barangay.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kagalang-galang Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Tagatuos at Sangguniang Barangay ng Bubukal, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY. Pebrero 7, 2011**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

Jeanette P. Alfonso
**JEANETTE P. ALFONSO**
Kalihim

NAGPATOTOO:

**KGG. LOUIE C. DE LEON**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

**INHR. DOMINGO G. PANGANIBAN**
Punong Bayan